Pahayag ni **KATHY WATANABE**, Kandidato para sa
Miyembro, Konseho ng Lunsod ng Santa Clara, Puwesto 6

Trabaho: Hinirang na Miyembro ng Konseho/Katulong na Pambatas/Ina
Edukasyon at Mga Kuwalipikasyon: **Edad: 56**

Hindi ako isang pulitiko. Bagkus, isa akong taong nagnanais na mapahusay ang aking kapitbahayan. Sa ganoong paraan ko sinimulan ang aking paglalakbay na nagdala sa akin sa Tanggapan ng Lunsod.

Maraming taon na ang nakalipas, nakatengga lang ang Aklatan sa Northside dahil walang mga pondo para mapatakbo ito. Nagsumikap ako kasama ang aking mga kapitbahay sa loob ng 7 taon upang makalikom ng pera at maisulong ang Pamahalaan ng lunsod. Ipinagdiwang namin ang pagbubukas nito noong 2014. Matagumpay ko ring naitaguyod sa loob ng maraming taon ang pagbubukas ng bagong paaralan sa lumang lugar ng Agnews Hospital, na nagpaluwag sa iba pang mga paaralan sa Santa Clara.

Dahil naging epektibo akong tagapagtaguyod para sa mga kapitbahayan, hinirang ako sa konseho ng lunsod ngayong taon. Ngayon gusto kong ipagpatuloy ang aking pagsusumikap para sa pagpapahusay sa lahat ng kapitbahayan sa Santa Clara. Manindigan ako para sa mga interes ng kapitbahayan, partikular na pagdating sa mga isyu sa stadium na nakakaapekto sa Northside at sa lahat ng Lunsod.

Mabuti para sa ating Lunsod ang mga laro ng mga 49er at mga pangunahing kaganapan, na nakakapagbigay ng kita at karangalan ngunit hindi nila maaaring ipahamak ang ating mga kapitbahayan. Poprotektahan ko ang ating mga kapitbahayan sa pamamagitan ng pagpapatupad sa ordinansa sa ingay at pagbibigay-diin na bayaran ng stadium ang lahat ng gastos para sa mga serbisyo ng lunsod lalo na sa pampublikong kaligtasan. Hindi natin maaaring hayaang walang proteksyon ang ilang kapitbahayan ng Santa Clara sa panahon ng mga laro at kaganapan. Hinihiling ko ang inyong boto. Mangyaring bumisita sa www.kathywatanabe.com.